

# Pagsasalo- Salo sa Dakilang Bakas ng Pagmamagandang Loob ng Diyos

Asia Pacific Journal of  
Management and Sustainable  
Development  
Vol. 9 No. 1, 76-82  
March 2021

**Fides del Castillo (PhD)**

De La Salle University Manila, Philippines

fides.delcastillo@dlsu.edu.ph

Date Received: October 27, 2020; Date Revised: January 17, 2021

**Abstract** - This article discusses the sacrament of the Holy Eucharist using the lens of Jose De Mesa's "bakas." By looking back at the history of Christianity in the Philippines and its birth, the sacrament's true spirit can be seen. Observations on people's daily lives, including personal life, are included to better understand the Filipinos' culture and perspective. In other words, it is a study and connection of the sacrament of mass to the daily life of Filipino Christians. On the other hand, the suggestions mentioned in this article are well thought out to give a deeper meaning to the methodology of escape. This was done by understanding the Filipinos' beliefs and culture and being faithful to the liturgy of the Catholic church.

**Keywords:** Eucharistic Mass, tradition, Catholic Church, Filipino, Christianity, Love

**Abstrak** - Ang artikulong ito ay isang paraan ng pagtingin sa sakramento ng banal na eukaristiya gamit ang lente ng "bakas" ni Jose De Mesa, kung saan madarama at makikita ang kagandang loob ng Panginoon. Sa pamamagitan ng pagbalik tanaw sa kasaysayan ng Kristiyanismo hindi lamang sa Pilipinas ngunit mula sa pagkapanganak nito, maipakikita ang tunay na diwa ng selebrasyon. Ang mga obserbasyon sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga mamamayan kasama na ng personal na pamumuhay ay isinama upang mas lalong maunawaan ang kultura at pananaw ng mga Filipino. Sa makatuwid, ito ay isang pag-aaral at pag-uugnay ng sakramento ng misa sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Kristiyanong Filipino. Sa kabilang banda, ang mga suhestiyon na babanggitin sa artikulong ito ay pinag-isipang mabuti upang magkaroon ng mas malalim na kahulugan ang metolohiya ng pamamakas. Ito ay ginawa sa pamamagitan ng pag-unawa sa paniniwala at kultura ng mga Filipino kasangguni ang pagiging tapat sa liturhiya ng simbhang Katolika.

**Keywords:** Misa, tradisyon, simbhang Katolika, Filipino, Kristiyanismo, pagmamahal

## PANIMULA

Ang bawat mamamayan ay may kanya-kanyang perspektibo na naaayon sa mga lupon ng kanyang paniniwala. Maaring ang paniniwala ng isa ay taliwas at naiiba sa paniniwala ng ibang tao [1]. Halimbawa, may mga magulang na naniniwala na ang kanilang anak ay magiging matagumpay sa buhay kapag sila ay naunang lumabas sa pinto ng simbahan pagkatapos itong binyagan. Ito ay isang tradisyon sa kulturang Filipino subalit mayroon ding namang ibang makabagong magulang na hindi naniniwala sa kagawiang ito na napulot sa mga nakalipas na henerasyon. Sa kadahilanang tayo ay may mahabang kasaysayan ng iba't ibang karanasan, pagkatuto at impluwensya na nagdulot sa atin ng pagkakaroon ng sariling lupon ng paniniwala. Ang bawat karanasan ng isang tao sa pang-araw-araw na pamumuhay ay maaaring makaapekto sa kanyang personal na pag-unawa at paniniwala.

Dito maipamamalas na ang kamalayan ng bawat tao ay maiuugnay sa mga "impluwensyang naghulma sa kanyang pagkatao" [2]. Kasama na rito ang mga taong nakasalamuha niya sa kanyang paglaki tulad ng kanyang pamilya, mga kamag-anak, kaibigan, kapitbahay, guro, mga miyembro ng simbahan at ng ibang pang sektor ng lipunan. Ang lahat ng mga taong ito, mahaba man o maikli ang ibinahagi sa karanasan ng isang tao ay may bahid na impluwensya sa kanyang pangkabuuang pagkatao. Sa mga tao ring ito mapupulot ang iba't ibang kaalaman, hakahaka, opinyon batay sa kani-kanilang naranasan sa buhay. Kaya't mahalagang balikan ang mga tao at karanasang ito upang mapalalim niya ang kamalayan sa kanyang paniniwala at kaalaman bilang isang tao dahil ang bawat isa sa atin ay may likas na kakahayan upang makilalang mabuti ang sarili o "self-actualization" [3].

Sa isang organisasyon, isang mahalagang aspeto ang magkaroon ng isang matibay na patakaran at tradisyon upang ito ay maging matibay na samahan ng kanyang

mga miyembro. Subalit sa pagkakaisa ng samahan, hindi rin maiiwasan ang pagkakaiba-iba ng paniniwala at interpretasyon sa pinaniniwalaang patakaran at tradisyon. Muli nating balikan, na dahil ito sa pagkakaiba-iba ng lupon ng paniniwala ng bawat tao. Kung gayon, makatutulong na balik-balikan ang puno't dulo ng pagtatayo ng isang organisasyon upang mapanumbalik ang kahulugan ng pagsasama-sama ng mga miyembro sa gitna ng pagkakaiba-iba ng kurokuro.

Sa artikulong ito, ang proseso ng pagbabalik tingin sa tunay na diwa ng banal na misa sa kontekstong Filipino ay pipiliting gawin upang makitang muli at mas lalong mapalalim ang pananampalataya ng mga Kristiyanong miyembro ng simbahang Katoliko sa Pilipinas. Ito ay isang paraan upang sagutin ang katanungang: ano ba ang orihinal na kahulugan ng sakramento ng banal na misa gamit ang lente ng "*pamamakas*" kung saan mas malalaspang ang kahulugan ng Kristiyanong pananampalataya kaugnay sa kultura ng mga Filipino [4].

### **Ang Dakilang Pagsasalo-salo**

"Samantalang sila'y kumakain, dumampot ng tinapay si Hesus, at matapos magpasalamat sa Diyos, kanyang pinagpirira-pirasong at ibinigay sa mga alagad. Kunin ninyo ito at kanin; ito ang aking katawan, Hinawakan niya ang kalis, nagpasalamat sa Diyos at ibinigay sa kanila. Uminom kayong lahat nito, sapagkat ito ang dugo ng tipan, Ang aking dugo na mabubuhos dahil sa marami, Sa ikapagpapatawad ng kasalanan." Mateo 26: 26-28 "Gawin ninyo ito bilang pag-aalaala sa akin" Lucas 22: 19 [5].

Ito ang mga katagang winika ni Hesus sa pinakaunang banal na hapunan kasama ang Kanyang mga alagad. Ito ang mga salitang nagpahiwatig ng buong pagpapakumbaba at pagmamahal ni Hesukristo sa Kanyang simbahan kung saan inialay nya ang sariling dugo at katawan upang maibahagi ang bukal na pagmamahal ng Diyos Ama sa sangkatauhan.

Sa paglipas ng panahon, ang mismong orihinal na mga katagang ito ay makikita at muli't muling maririnig na umaalingawngaw sa mga selebrasyon ng banal na Misa. Kung ating babalikan ang panahon ng mga unang Kristiyano mayroon mang pagkakaiba-iba sa mga salita ng panalangin, makikita pa rin ang pagkakaisa sa bahagi ng konsagrasyon kung saan sinasabi ang mga mismong salita ni Hesus noong kasama Niya ang Kanyang mga alagad sa kanilang banal na hapunan. Dito maipakikita na ang Misa ang nagpatibay sa mga unang Kristiyano upang

malampasan ang panahon ng pagpapahirap, persekyusyon at upang maisabuhay ang mga halimbawa ng Panginoong Hesukristo. Hindi lamang ito isang pagsasalo-salo sa kaginhawahan ng mga miyembro subalit ito'y naging isang pagtitipon at pagtitipan upang maging isang buong katawan ni Kristo na nagsisikap upang maibahagi ang salita at gawa ng Diyos para sa sangkatauhan. "*Ang banal na pagdiriwang ng Misa ay nagpapahiwatig ng pagbibigay ng katawan at turo ni Kristo upang maipakita sa sakramentong ito ang bukal na pag-ibig ng Diyos para sa kanyang mga anak. Ito ay tanda ng pagkakaisa at pagkakabuklod kung saan tinatanggap natin si Kristo sa hapag ng Misa*" [6].

Sa pagbabago-bago ng liturhiya sa kasaysayan ng Kristiyanismo, makikita natin ang iba't ibang gawi upang lalong maging mas makabuluhan at maganda ang pagsambit ng ating mga dalangin sa banal na Misa. Kung ating babalikan, sa pamumuno ni Emperador Constantine, dito lumago ang Kristiyanismo. Dito rin nagsimulang gawing Latin ang pangunahing wika para sa Misa. Sa pangunguna ni Santo Gregory the Great nagkaroon ng estruktura ang mga panalangin ng Misa at kanyang sinimulang lagyan ng kanta ang Misa na kung tawagin ay Gregorian chant. Sa pagsulong ng Middle Ages, nagkaroon muli ng mga pagbabago sa pagdaraos ng Misa na pinamunuan ni Charlemagne kung saan ipinag-utos niya ang paggamit ng Roman Germanic-Gallo-Roman liturgy. Sumunod nito ay ipinagbawal na ang paggamit ng iba't ibang liturhiya upang magkaroon ng iisang paraan ng pagdaraos ng Misa. Sa mga panahon ding ito nagsimula ang mga estruktura at liturhiyang Gothic. Ang mga simbahan ay pinataasan at pinalakihan. Ang mga gamit ng Papa at mga Obispo ay sadyang pinaganda tanda ng kahalagahan at kabanalan ng simbahan. Dito mababanaag ang pagpapahalaga sa tradisyong Kristiyanismo at dito rin muling madidiskubre na ang mas malalim na tanda ng pananampalataya ay makikita hindi sa panlabas na katayuan subalit sa panloob na pananampalataya [7].

Kaya ng sa taong 1517, isang Augustiniang pari na nangganggalang Martin Luther ang nagsimula ng protestang tinawag na Protestant Reform. Dito niya isiniwalat na maraming bagay ang kailangang baguhin sa Kristiyanismo at dito nagsimula ang pagkakahati-hati ng Simbahang Katoliko. Dahil sa mga katanungan ni Luther sa mga turo ng simbahan, napagkaisahan ng mga Obispo ng Council ng Trent na ituro ang mga sumusunod:

Si Kristo ay nananatili sa konsegradong Ostia kahit pagkatapos ng banal na Misa. Si Kristo ay totoong matatagpuan sa konsegradong tinapay at alak. Ang Misa ay maaring ialay para sa mga buhay at sumakabilang buhay. Si Kristo ay nagtalaga ng mga pari upang ialay ang katawan at dugo ni Hesus para sa mga tao. Ang pari lamang ang maaaring magdaos ng banal na Misa. Sa mga panahong ito sinimulang gamitin ang Roman Missal. Sa mga nakaraang taon hanggang bago ang Vatican II, ang Roman Missal ni Papa Pius V ang nag-iisang liturhiyang ginagamit sa pagdaraos ng banal na Misa sa wikang Latin. Maaring may kagandahang naidulot ang paggamit ng wikang Latin sa pagdiriwang ng Misa sa mga nakaiintindi ng salitang ito. Subalit sa mga banyaga sa wikang Latin, ito ay maituturing na paraan upang magkaroon ng dibisyon sa katawan ni Kristo. Ito ay marahil sa kakulangan ng pang-unawa sa mga nakararaming miyembro ng Kristiyanismo at kawalan ng kabuluhan sa wikang tinuran [7].

Sa taong 1958, nahalal si John XXIII bilang bagong papa at dito nagsimulang buksan muli ang pintuan ng simbahan para sa pagbabago at binuo ang Vatican II Council. Ang katagang “partisipasyon” ang pangunahing hangarin ng liturhiya ng Vatican II na ginawa ni Pope Paul VI kung saan ang sambayanang Kristiyano ang nagdarasal kasama si Kristo at kung saan ang ginamit na wika ay ang pangunahing wika ng mga tao. Ito ay upang higit na maintindihan ng mga Kristiyano ang mga panalangin na nakapaloob sa banal na Misa. Isang malaking pagbabago sa kasaysayan ng Simbahang Kristiyano na maraming klerikong nabigla at ito’y tinutulan subalit mas higit na makakalap ang mayoryang bumubuo ng Simbahan walang iba kundi ang mga layko [7].

### **Ang Roman Missal at and Kultura ng mga Filipino**

Sa pagdating ng mga misyonerong Kastila sa Pilipinas, kanilang ipinakilala ang relihiyong Kristiyanismo sa mga Filipino [8,9,10]. Sa pagsakop ng mga kolonyalismo sa bansa, kanilang dinala ang tradisyon at paniniwala kay Hesukristo. Sa kagustuhang maibahagi ang banyagang pananampalataya, naisantabi ang wikang Filipino sa pagdaraos ng misa sapagkat ito ay dinaraos sa wikang Latin. Ang kawalan ng pang-unawa sa wikang Latin ang nagtulak sa mga kalalakihan na mamalagi sa labas ng simbahan at ang mga kababaihan ay magdasal ng rosaryo sa pagdiriwang ng banal na misa. Ang pagkakaroon ng dibisyon sa aspeto ng panalangin at paggawa kasabay ng paniniwala ng mga sinaunang

Filipino sa mga gawa ni Bathala ay nagtulak sa mga unang Filipinong Kristiyano na isiping ang sakramento ay isang sagradong reyalidad na walang kakayanang tumimo at maiugnay sa pang-araw-araw na karanasan sa mundo. Kaya’t ang naging resulta ay “*bokyang pag-unawa nila sa sakramento*” [4]. Ngunit sa pagdating ng Vatican II, isang malaking pagbabago ang iwinaksi ng hindi lang sa liturhiya subalit sa pangkalahatang aspeto ng Kristiyanismo. Ito ay isang paraan upang balikan ang tunay na diwa ng pananampalataya. Ito ay isang pamamaraan upang unawain ang bakas ng pagmamagandang-loob ng Diyos sa hapag ng banal na Misa gamit ang wikang maiintindihan nila. Dito maaaring sabihin na ang pamamakas ay isang paraan upang puntahan at yakaping muli ang tunay na kahalagahan ng kagandahang loob ng Diyos sa Misa.

Kung ating babalikan, ang banal na Misa ay isang pagsasalo- salo kasama si Hesus at ng Kanyang malalapit na mga kaibigan. Ito’y isang “*pagsasalo-salo at pag-aalay ng buhay ni Hesus para sa pagmamahal sa sangkatauhan*” [11]. Ito ay isang “*bakas ng pagmamagandang loob ng Diyos para sa kanyang mga anak*” [4]. Ang banal na Misa ay isang “*simbolo ng pagkakaisa ng mga miyembro ng simbahan, kung saan ating ipinagdiriwang ang ating pakikiisa kay Hesus na ganap na nasa tinapay at alak na ating pinagsasaluhan sa hapag-kainan*” (Powers, 1967). Sa makatuwid, mainam na ating isa-isahin ang mga puntos na ito at ating ihambing ang kahulugan ng Misa sa kultura at paniniwala bilang mga Filipino.

Una, “*ang Misa ay pagsasalo-salo at pag-aalay ng buhay ni Hesus*” [11]. Kung titingnang mabuti, malapit sa ating karanasan ang orihinal na pagdiriwang ng Misa. Una, ang mga Filipino ay likas na mapagbunyi sa pagdiriwang. Ang isang okasyon ay laging may kalakip na pagsasalo-salo ng mga malalapit na kaibigan at kapamilya. Dito, ang pagbibigayan sa isa’t isa ay damang-dama. Karaniwan sa mga Filipino ang unang pakainin ang mga bisita bago asikasuhin ang sarili. Ito ay isang napakagandang kaugalian ng mga Filipino na nagpapahiwatig ng kagandahang loob at pakikisama sa ibang tao. Dito naipapakita ang pagiging masakripisyo ng mga Filipino. Mainam na ialay ang sarili para sa kapakanan ng ibang tao. Mainam ding sabihin na ang isang pamilya ay nag-uusap at nagpapalitan ng kaniya kaniyang saloobin sa harap ng hapag kainan. Ang mga magulang ay karaniwang nagpapaalala ng mabubuting bagay sa kanilang mga anak habang sila ay kumakain. Samantalang ang mga anak ay malimit na nagkukwento ng kanilang karanasan sa okasyong ito. Ang mga oras na ito ay sagrado sa isang pamilya sapagkat ang

komunikasyon ay bukas at ang mga mahahalagang bagay ay masayang napag-uusapan at napagpaplanuhan. Sa isang patalastas ng pansit sa telebisyon, sinasabing ang mga batang nagtatagumpay sa buhay ay ang mga batang nakakasama ang kanilang magulang sa hapag-kainan sapagkat sila ay higit na nagagabayan. Sa pagsasalo malimit makikita ang pagkakaisa at pagmamahalan ng bawat pamilyang Filipino. Ang pagsasalo- salo ay isang likas na kagawian sa ating ang mga Filipino na nagpapahiwatig ng pakikisama. Kung tutuusin ito rin ang diwa ng Misa: Ang pagsasalo-salo sa sakripisyo at pagmamahal ni Hesus para sa sangkatauhan. Ayon kay Apostol Pablo, “*tayo ay iisang katawan bagamat marami, sapagkat nakikibahagi tayo sa iisang tinapay*” (1 Corinto 10: 17) [5].

Pangalawa, “*ang Misa ay bakas ng pagmamagandang loob ng Diyos*” [4]. Sa mga Filipino, mahalaga ang bakas ng mga alaala. Tuwing may okasyon mahalaga sa atin ang magbigay ng regalo. Aking natatandaan sa mga okasyon sa aming paaralan, kapag may mga bisitang estudyante na galing sa ibang lugar, kami ay nagbibigay ng ‘souvenir’ bilang tanda ng aming pagkakaibigan at pagkakakilala sa maikling panahon. Ito ay bakas ng ugnayan upang maalala at magbalik-tanaw sa isa’t isa. Isa pang halimbawa ay ang pagbibigay ng regalo ng mga magulang sa kanilang mga anak. Kalimitan ang isang regalo ay ibinibigay sa isang taong may kaarawan o dahil may espesyal na okasyon [12]. Subalit para sa mga magulang, hindi na kailangan ng okasyon para bigyan nila ng munting laruan, pasalubong o simpleng regalo ang kanilang mga anak sapagkat ang bawat araw ay tanda ng kanilang pagmamahal sa mga anak. Ang bawat aksyon nila ng pagkalinga sa pamamagitan ng pagsisilbi ng pagkain ni nanay tuwing kainan o paghele sa sanggol tuwing matutulog, sa pagpapawis ni tatay sa kanyang trabaho upang matustusan ang pangangailangan ng pamilya at pagkalinga sa buong pamilya ay higit pa sa mga materyal na bagay at maipadarama ang labis na pagmamahal nila sa kanilang mga anak. Isang pagmamagandang loob na bukal at likas sa mga Filipino. Kahintulad ng kay Hesus na nababakas sa banal na Misa, kung saan ang kanyang katawan at dugo ay ibinabahagi sa mga nananampalatayang miyembro ng simbahan. Ang paghahain ng kanyang pagmamahal sa Misa ay isang pagpapatunay ng pagmamagandang loob ng Diyos Ama sa katauhan. “*Ito ang kanyang katawan na inihahandog para sa inyo. Gawin ninyo ito sa pag-aalaala sa akin.*” (1 Corinto 11:23) [5].

Pangatlo, ang Misa ay isang “*simbolo ng pagkaka-isa ng mga miyembro ng simbahan, kung saan ating ipinagdiriwang ang ating pakikiisa kay Hesus na ganap na nasa tinapay at alak na ating pinagsasaluhan sa hapag-kainan*” [13]. Ang mga Filipino ay lubos na mahilig makiisa lalong-lalo na sa mga bagay na kanilang pinaniniwalaan at pinahahalagahan. Isang halimbawa ay ang rebolusyon sa EDSA kung saan ang karamihan sa ating mga kababayan ay nagsakripisyo ng oras at sarili para makamit ang kalayaan. Taas kamay na nanalangin, hindi alintana ang mga bomba, baril at sundalong maaring magdulot ng kapahamakan. May mga kumanta, nagdasal, nagbigay ng rosaryo, at nagsalo-salo sa natitirang pagkain. Dito nakita ang pagkakaisa, pagmamahal sa bayan at pagsasalo-salo sa hirap upang makuha ang inaasam. Ang pagkakaisa ng mga Filipino ay mababanaag din sa kulturang bayanihan. Ito ay makikita hanggang ngayon sa mga magkakapit- bahay, magkakaibigan o kahit sa mga hindi magkakakilala. Ang likas na pagiging matulungin ng mga Filipino ay isang napakagandang ekspresyon ng pagmamahal at pakikisalamuha sa ibang tao. Isang halimbawa na aking mismong nasaksihan makailan lang ay ang pagtulong ng isang estudyante na nasa ikatlong baitang sa isang pang mas nakababatang estudyante ng pre-school. Habang lumalabas ng kanyang silid -aralan ang estudyante sa pre-school na may karga- kargang mga aklat at gamit, nakita siya ng hindi niya kilalang estudyante. Dali -dali siyang tinulungan ng nagmamagandang loob na estudyante at inihatid siya papunta sa kanyang ama na naghahintay sa labas ng paaralan. Sa simpleng obserbasyong ito makikita na likas sa ating komunidad na tumulong at dumamay sa ibang taong nangangailangan ng ating tulong matanda man o bata.

Sa banal na Misa mababanaag ang partisipasyon ng mga nananampalatayang miyembro sa pananalangin at pagkilala kay Hesus bilang Panginoon na lubos na ganap sa tinapay at alak sa altar. “*Ako ang pagkaing nagbibigay buhay, sabi ni Hesus. Ang lumalapit sa akin ay hindi na magugutom at ang nananalig sa akin ay hindi na mauuhaw magpakailanman*” (Juan 6: 35) [5].

#### “Bakas” bilang Balangkas

Sa pagninilay -nilay sa sakramento ng banal na Misa mas lalong mababanaag na ang sentro ng selebrasyong ito ay walang iba kundi ang pagbibigay ng sariling buhay ni Hesus para sa sangkatauhan. Dito maaring sabihin na sa Misa naipakikita ang “*tugatog at pinagmulan ng buhay ng pananampalataya ng Simbahan ni Kristo*” [6]. Kung kaya’t ang aktibong

pagdiriwang at partisipasyon ng bawat miyembro ay kinakailangan. Dito rin naipakikita ang kanyang pagmamahal, ang presensya ng Diyos Amang lumikha sa lahat at tinubos ang bawat isa sa pamamagitan ng Kanyang bugtong na Anak. Lukob ang pagmamagandang loob para sa pag- ibig Niya sa kanyang mga nilikha.

Bilang tugon ng bawat isang nakatanggap at nakadama ng pag -ibig ng Diyos, ang pamamakas sa mga halimbawa ni Hesus ay isang patunay ng pananampalataya at pagkilala sa kagandahang loob Niya. Ang pagbabago ng panloob na sarili ay nahahayag sa kanyang karanasan at ang pagsunod sa yapak ni Hesus ay pagpapatunay ng malalim na paniniwala sa Diyos. Sa banal na Misa mababakas ang pagmamahal ng Panginoon at naibabahagi ng bawat miyembro sa lahat ng kanilang nakakasalamuha sa araw -araw. *“Ito ang aking utos: mag-ibigan kayo gaya ng pag-ibig ko sa inyo. Walang pag-ibig na hihigit pa sa pag-ibig ng isang taong nag-aalay ng kanyang buhay para sa kanyang mga kaibigan.”* (Juan 15:12-13) [5].

Ngunit sa panahong ito, tunay pa nga bang nararamdaman ng sambayanang Kristiyano ang presensya ng Diyos hindi lamang sa pang-araw -araw na buhay kundi lalo mismo sa banal na misa? Gaanong kaaktibo ang bawat miyembro sa pagdaraos ng misa? At gaanong kataus -puso ang pakikiisa ng layko sa hapag ng Diyos? Dahil sa mga katanungang ito, minarapat kong magmasid sa isang Katolikong Simbahan kung saan iba’t ibang mga miyembro ang dumadalo. Sa pagmatyag sa mga dumalo ng pagdiriwang ng misa, masidhing naipamalas sa okasyong iyon kung papaano ang mga kadulog sa simbahan ay maigting na nakikinig sa pari, kung papaano silang matiyagang umupo, tumayo, lumuhod, kumanta at manalangin sa buong pagdiriwang ng banal na Misa. Sa parte ng konsagrasyon, doon ko nararamdaman ang malalim na pamamakas ng mga tao sa bakas ng pagmamahal ng Diyos sa bawat tao. Ito ay isang pagtatagpo ng puso at isipan ng mga miyembro sa kaitaas -taasan o *“encounter with the divine.”* Sa pamamagitan ng obserbasyong ito, hindi maitatwa na ang pamamakas ng bakas ng pagmamahal ng Diyos ay hindi lamang sa kadahilanan ng aspetong pagkatao subalit ito ay isa *“grasya na nagmula sa Panginoon.”* Ang paanyaya ng Diyos upang maramdaman natin ang kanyang presensya ay siya ring dahilan ng ating pagsagot sa kanyang imbitasyon sa tulong ng Kanyang grasya.

Sa paghinuma ng tumpak na panahon na maiihalintulad sa simbahang Kristiyanismo sa Pilipinas, ang panahon ng tag-araw ay mas nalalapit sa sitwasyon ng ating simbahan sa bansa. Ang tag-araw ay naglalarawan ng mainit na klima kung saan ang tubig ay isang importanteng elemento upang mapanumbalik ang katiwasayan at pagkabuhay ng kalupaan. Tuwing tag-araw mararamdaman ang pagdaloy ng pawis kung kaya’t mamarapatin ng isang tao na gumawa ng paraan upang mapreskuhan at mapawi ang uhaw na nararamdaman sa kaloob -looban. Kung gayon, ito rin marahil ang magandang imahe na maaring ihambing sa simbahan. Ito ang isang larawan kung saan ang kalooban ng bawat Kristiyanong Filipino ay lubos na naglalaragablab sa paghahanap ng tunay na kabuluhan ng buhay at sa patuloy na pagsisikap na matagpuan si Kristo sa bawat taong makakasalamuha, mapasapamilya, eskwelahan o saan mang lugar sa lipunan. Ang patuloy ng paghahanap ng kahulugan sa buhay ang pumipilit sa ating hanapin ang pinagmulan nito. Samakatuwid, sinabi sa bibliya na *“si Kristo ang bukal ng tubig”* (cf Jn 4:10) [5] na bumubuhay sa kalooban ng bawat Kristiyanong naghahangad ng kalinga at katiwasayan. Kung gayon sa Kanya lamang makakamit ang katiwasayan sa panlabas at panloob ng ating pagkatao. Ito ay makakamit lalo na sa sakramento ng banal na Misa kung saan mababanaag ang bakas ng pagmamagandang loob ng Diyos para sa sangkatauhan. Ang librong Liturgical Renewal in the Philippines [14] ay napakagandang simbulo ng pagkalinga sa mga Kristiyanong Filipino upang kanilang lubos na maintindihan ang mga panalangin sa Misa at upang mapag-ugnay ang sangkatauhan at sangkalangitan. Ito ay isang pagsasalo-salo kung saan nagsama-sama ang mga eksperto sa larangan ng teolohiya at liturhiya upang mabuo ang Misa ng Bayang Filipino. Ayon sa mga sumulat, ito ay isang adaptasyon ng liturhiya sa karanasan ng mga Filipino. Bilang bayan na mapagmahal sa selebrasyon o piyesta, ginawang mas aktibo at masaya ang Misa ng Bayang Filipino kung saan sa prusisyon ay may mga maghahagis ng bulaklak at pagbebendisyon sa mga miyembro na tanda ng pagsisimula ng Misa. Samantalang sa paghahandog ng alay, ang mga miyembrong naghahandog ay magbibigay galang sa pari sa pamamagitan ng pagmamano. Ang mga tugon ay sadyang nilapatan ng musika upang ito aymaging kahali- halina. Maliban dito, mas ganap na malapit ito sa ating pang- unawa sa kadahilangang naiintindihan ng mga Filipino ang wikang ginagamit. Ito ay isang malaking hakbang sa pag- ugnay ng

pananampalataya sa kultura ng mamamayan upang mas maging makabuluhan ang ating mga dasal.

## KONKLUSIYON

Sa Liturgical Renewal of the Philippines Maryhill Liturgical consultation [14], isinambit na ang Kristyanong panalangin ay isa pa ring dayuhan sa nakararaming mga Filipino sapagkat at mga salita rito ay hango sa dayuhang misyonero na malayo sa kahulugan ng tradisyonal na wikang Filipino. Isang halimbawa ay ang salitang “*bigas*” (rice), para sa mga dayuhan ito ay isang karaniwang butil ng pagkain na kalimitang kinakain ng mga tao sa Pilipinas at sa ibang parte ng Asya. Subalit ang salitang *bigas* ay may mas malalim na kahulugan para sa mga Filipino. Ito ay maituturing na “*grasya ng Diyos*,” sapagkat ito ay isang regalo sa sangkatauhan upang mapanatili ang buhay ng bawat miyembro ng pamilyang Filipino. Ito ay isang regalo upang mapunan ang nagnangalit na mga sikmura ng mga nagugutom na mahihirap sa ating bansa. Ito ay nagsisilbing tanda ng pagkalinga sa atin ng Panginoon. Sa kabilang banda, ang salitang “*grasya*” para sa mga dayuhang misyonero ay nangangahulugang “*partisipasyon sa buhay ng Diyos at ito ang nagpapakilala sa mga Kristiyano sa paniniwala at pakikiisa sa Banal na Trinidad*” [15]. Kung kaya’t mainam na muli’t muling tingnan ang ating liturhiya upang mas lalong maitagni ang pananampalataya sa kulturang ating maiintindihan.

Ngunit sa isa ring banda, ayon kay Jonathan Tan sa kanyang komento sa Asian Synod [16]:

*“ang ugat ng problema ay hindi lamang sa paglalapat ng dayuhang wika sa lokal na lenggwage ng pamayanan subalit ito ay nakaugat sa ritwal ng mga liturhiya. Ang mga panalangin at ritwal ay nananatiling banyaga. Kaya’t ang mga Obispo ng pagpupulong na ito ay nagkaisa sa paniniwala na “upang magkaroon ng proseso ng inkulturasyon sa Simbahang Katoliko kailangang maging bukas ang kamalayan at handa ang bawat miyembro, kleriko o layko, sa mga pagbabago kalakip ang pagprepreserba ng orihinal na kahulugan ng mga panalangin.”*

Sa makatuwid, hindi lamang sa pagbabago ng wika ng panalangin matatagpuan ang kabuuan ng ating pagbabalik loob sa Diyos subalit mas magiging makabuluhan ito kung ang bawat Kristiyanong Filipino ay bukas loob na uunawain at isasapuso ang tunay na

diwa ng pagsasakripisyo ni Kristo sa krus. Sa ating pagmamakas at pagbalik sa kanyang turo mas lalo nating nauunawaan ang iniwang bakas ng pagmamagandang loob ng Diyos sa atin. Kung tutuusin, hindi tayo kailangan ng Diyos upang Siya ay maging masaya o para Siya ay mabuhay. Subalit tayong sangkatauhan ang higit na nangangailangan ng Kanyang pagmamagandang loob upang tayo ay magkaroon ng buhay at mamuhay ng naaayon.

Nawa’y sa pagbalik at pamamakas natin sa pinakaugat ng ating pananampalataya ating madiskubre at matagpuan na ang lahat ay sa kadahilanang una tayong minahal ng Diyos. Ang pagmamahal na ito ay siya ring nagbabalik sa atin upang maramdaman at maranasan natin ang bakas ng Kanyang bukal na pagmamahal at kagandahang loob. Kung tutuusin ang pagdiriwang ng banal na Misa ay ang ating karanasan kasama ang Diyos na dama ang kanyang kabutihan sa pang-araw-araw nating pamumuhay kalakip ang kagandahang loob na ibinahagi at ibinabahagi Niya sa atin.

## TALASANGGUNIAN:

- [1] Rokeach, M. (1968). Beliefs, attitudes, and values: A theory of organization and change. San Francisco: Jossey-Bass.
- [2] Erikson, E. (1970): His Life, Work, and Significance His Work. Open University Press.
- [3] Rogers, C. (1972). A humanistic conception of man, marriage and family in a decade of change. MA: Addison-Wesley.
- [4] De Mesa, J. (2008). Bakas retrieving the sense of sacramentality of the ordinary. Manila Philippines.
- [5] Philippine Bible Society (1973). Magandang balita biblia. Manila Philippines.
- [6] Abott, W. SJ., (1966). The documents of vatican II: sacrosanctum concillium. American Press.
- [7] Loret, P. (1985). How the mass came to be. Liguiri, Missouri.
- [8] del Castillo, F. (2015). Christianization of the Philippines: Revisiting the Contributions of Baroque Churches and Religious Art. Mission Studies 31 (1).
- [9] del Castillo, F. (2018). Perspectives on faith and culture in the Philippines, East Timor, and Indonesia. The International Journal of Civic, Political, and Community Studies 16: 1–11.
- [10] del Castillo, F. (2016). Gospel-culture relationship of traditional Filipino religion and catholicism. International Journal of Religion and Spirituality in Society, 6 (2), 41-47.
- [11] The Community of Saint- Severin (1958). The mass Christians around the altar. Chicago, Illinois
- [12] De Mesa, J and Cacho, R. (2010). Jesus: god’s way of friendship. Manila, Philippines

- [13] Powers, J. SJ (1967). Eucharistic theology. United States
- [14] Chupungco, A.J OSB (1980). Liturgical renewal in the philippines. Manila, Philippines
- [15] United States Catholic Conference (English translation). *Catechism of the Catholic Church*. 1994.
- [16] Tan, J. (2004). *Missio Inter Gentes: Towards a New Paradigm in the Mission Theology of the Federation of Asian Bishops' Conferences*.

**COPYRIGHTS**

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).